

# Pagiging-Makagulay sa Relihiyon

## Ang Bahai Na Pananampalataya

“Tungkol sa pagkain ng laman ng hayop at ang pag-iwas dito, dapat nyong malaman ng may kasiguraduhan, sa simula ng paglikha, itinalaga na ng Diyos ang pagkain ng bawat nilalang, at ang kumain ng hindi naayon dito ay hindi pinapayagan.

~ *Mula sa mga Sulat ni Bahai sa Ilang Aspet ng Kalusugan at Pagpapagaling.*

## Cao Dai

“... Ang pinakamahalaga ay ang itigil ang pagpatay... dahil ang mga hayop ay mayroon ding kaluluwa at nakakaunawa din tulad ng mga tao... PAG TAYO AY PUMATAY AT KINAIN SILA, NAGKAKARON TAYO NG UTANG NA BUHAY.”

~ *Mga Aral ng Santo, tungkol sa pagtatago ng Sampung Panuntunan Pag-iwas sa Pagpatay, Seksyon 2*

## Kristiyanismo

Karne para sa tiyan at tiyan para sa karne: subalit parehong sisirain ng Diyos ito at iyon.

~ *1 Corinto 6:13, Banal na Bibliya*

“At habang ang laman ay nasa pagitan ng iyong mga ngipin, habang ito’y iyong nginunguya, ang galit ng PANGINOON ay nagising laban sa mga tao, at pinarusahan ng PANGINOON ang mga tao ng tag-gutom.

~ *Bilang 11:33, Banal Bibliya*

## Konfucianismo

“Lahat ng tao ay may isip na hindi makayanan masaksihan ang pagdurusa ng iba. Ang nakakataas na tao, matapos makita ang mga hayop na buhay, ay hindi makakayanan na makita silang mamatay; matapos marinig ang kanilang paghihinagpis, HINDI NYA MAKAKAYANAN NA KAININ ANG KANILANG LAMAN.”

~ *Mensius, King Hui of Liang, Kabanata 4*

## Hinduismo

“Dahil ikaw... ay walang kakayanan na buhayin muli ang mga hayop, ikaw ay may pananagutan sa pagpatay sa kanila. Kaya ikaw ay mapupunta sa impyerno; wala nang paraan para sa’yong pagkapalaya.”

~ *Mahabharata, Anu. 115.47.FS, pahina 90*

## Judaism

At sinomang tao ang nasa tahanan ng Israel, o mga estranghero na naninirahan kasama ninyo, na kumain ng kahit anong uri ng dugo; ITATALIKOD KO ANG AKING MUKHA SA SINUMANG TAO NA KUMAKAIN NG DUGO, at itatakwil bilang mga mamayanan nito. \*dugo: ibig sabihin ay “laman”

~ *Levitiko 17:10, Banal na Bibliya*

## Taoism

Huwag kang pumunta sa bundok upang manghuli ng mga ibon sa pugad, at maging sa tubig upang lasunin ang mga isda. Huwag mong katayin ang mga kalabaw na nag-aararo ng iyong parang.

~ *Librito ng ng Tahimik na Daan*

## Zoroastrianismo

“Ang mga halaman na iyon, Ako, Ahura Mazda (Diyos), ay uulan sa lupa, upang magbigay ng pagkain sa mga nananampalataya, at kumpay sa pinagpalang mga baka.”

~ *Avesta, Venidad Fargard 5-20*

“Alam ng lahat na ang makagulay na pagkain ay mabuti sa kalusugan at sa pagligtas ng planeta. Kanilang gigisingin ang kanilang dakila, maawain, mapagmahal na angking katangian. At pagkatapos, ang antas ng kanilang kamalayan ay kusang tataas. At ang kanilang pang-unawa ay lalong lalawak. At mapapalapit sila sa Langit ng higit pa sa ngayon.”

## Budismo

...LAHAT NG KARNE NA KINAIN NG MGA NILALANG AY KARNE NG KANILANG SARILING KAMAG-ANAK.

~*Lankavatara Sutra (Tripitaka Bilang. 671)*

“Gayundin, pagkatapos ng pagsilang ng sanggol, kailangang tiyakin na walang hayop ang papatayin upang pakainin ang ina ng karneng lutuin at huwag mag-anyaya ng maraming kamag-anak upang painumin ng alak o para kumain ng karne... dahil sa mga mahihirap na sandali ng panganganak, mayroong hindi mabilang na masasamang demonyo, halimaw, at lamang-lupa na gustong kainin ang nangangamoy na dugo... nang dahil sa kamangmangan ay napilitan kayong pumatay ng mga hayop para kainin... sila’y nagbaba ng sumpa sa kanilang mga sarili, na masama para sa ina at para sa bata.”

~*Ksitigarbha Sutra, Kabanata 8*

“Maging maingat sa mga araw pagkatapos ng pagkamatay ng isang tao, huwag papatay o maninira o gagawa ng masamang karma sa pamamagitan ng paghahandog ng pinatay na hayop bilang alay sa mga demonyo at bathala ... dahil ang pagpatay at pagkatay o ang pagsamba o pag-alay ng buhay AY WALA NI KONTING PWERSA PARA BIYAYAAN ANG PATAY, SUBALIT MAS MAKAPAGDUDULOT PA NG MAS MARAMING MAKASALANANG KARMA SA NAKARAANG KARMA (paghihiganti), na magpapalalim at magpapalala... na, mag-papaantala ng kanyang muling pagsilang sa magandang estado.”

~ *Ksitigarbha Sutra, Kabanata 7*

## Essenes

Naparito ako upang tapusin ang sakripisyo at pagdiriwang sa dugo, at kung hindi ka itigil sa pag-aalay at pagkain ng laman at dugo, ang matinding poot ng Diyos ay hindi maglalaho para sa’yo.

~*Ebangelhelyo ng Banal na Labing-dalawa.*

## Islam

Hindi kahahabagan ni Allah ang sinoman, maliban doon sa mga may habag sa ibang nilalang.

~*Propeta Muhamad, Hadith*

## Jainism

Ang tunay na mongha ay HINDI DAPAT TUMANGGAP NG PAGKAIN O INUMIN na inihanda para sa kanila NA NANGAGAILANGAN NG PAGKATAY NG NABUBUHAY NA NILALANG.

~*Sutrakritanga*

## Sikhism

Ang mga mortal na kumukonsumo ng marijuana, karne, at alak – kahit ano pang paglalakbay sa banal na lugar, pag-aayuno, at ritwal ang kanilang sundin, sila lahat ay mapupunta sa impyerno.

~*Guru Granth Sahib, pahina 1377*

## Budismo ng Tibet

Ang pag-aalay sa Diyos ng laman na nakuha sa pamamagitan ng pagpatay ng buhay na nilalang ay tulad ng paghahandog sa ina ng laman ng kanyang sariling anak; at ito ay matinding pagkakasala.

~*Ang Supremong Daan ng Pagiging Disipulo: Ang Panuntunan ng mga Guro*

Supreme Master Ching Hai

Videoconference sa Sydney Center, Australia –Agosto 17, 2008